Sitio Cambiswer,Calintaan,
Occidental Mindoro

March 3, 2022

The CHIEF,
Presidential Complaint Center
Office of the President
Malacanang Complex
San Miguel, Manila

Dear Sir:

Sumulat po kaming muli sa inyong opisina upang hingiin muli ang inyong tulong, dahilan sa pinag pipilitan na kaming paalisin ng CENRO-DENR sa Sampung ektaryang lupa na binigyan ng Stewardhip Award sa aming mga magulang na Servillano Valiente, Sr. at Lydia Valiente, taon 1987.

Bago pa man mag **1987,** ang aming mga magulang ay nasa lupa ng nabanggit simula **1969**, nilinis, minahal at pinag pala ang nasabing lupa dahilan syang pinag kukunan ng aming kabuhayan dahilan sa mga itinanim na mga punong kahoy na namumunga at mga kawayan at iba pang puno ng mga kahoy.

Taong **2009** kami ay sumali sa CBFM/NGP/UDP Gemelina. Nag tanim po kami ng 1,111 puno ng Gemelina sa bawat isang ektarya ng lupa at binili namin ang gemelina seedling sa Php5.00 per tree.

Na, noong **2012,** nag **EXPIRE** ang Stewardship Award at aming ni re **RENEW** subalit hindi na kami pinayagan mag renew ng CBFM at ayon sa DENR-CENRO may titulo na ang nasabing lupa sa pangalan ni FELICIANO MOTILLA noon **1981**, subalit kahit minsan hindi namin nakitang pumunta sa lupang pinag uusapan sa dahilan na ito ay matagal ng patay, at napag alaman namin na noong **2017 benenta** ay **binili** na ni Unison Madayag ang sampong (10) ektaryang lupa na aming tinaniman ang mga punong kahoy ng Gemelina at ito ay ipina survey, na muhunan at binakuran na, at ng **June 21, 2021** ibinigay ng CENRO-DENR ang cancellation ng aming Certificate of Ward na hindi namin alam ang mga dahilan at rason.

Dahilan po dito, hinihingi po namin ang inyong tulong na maibalik sa amin ang Stewardship at kung pwede ay matituluhan na sa amin ang

nasabing lupa, Nais din namin mabigyan ng **kaukulang parusa** ang mga sangkot na mga **opisyal** ng CENRO-DENR ng San Jose, Occidental Mindoro **na nagbenta, nagkapera at nangurakot** sa nasabing lupa.

Nais din po namin mabigyan kami ng **PERMISO** na **putulin** at **makuha at pakinabangan** na ang aming itinanim na mga puno ng Gemelina dahil ito po ay nasa hustong gulang na sa sampung (10) ektaryang lupa na nabanggit.

Hanggang dito na po at aming inaasahan ang inyong maagap na tulong na mabawi ang aming lupa.

Lubos na Gumagalang,

SERVILLANO VALIENTE, JR.